Ika-86 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Setyembre 30, 2026
Wikang Hapon: http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
Wikang Hapon na madaling maintindihan: http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

〈Pagsimula ng ika-16 Termino ng Kinatawan ng mga Dayuhan〉



Noong Abril 19 (Linggo), ang unang pagpupulong ng Ika-16 termino ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Ito ay ginawa sa Kawasaki City Hall Main Building.

Sa ika-16 na termino, mula sa higit sa 400 na aplikante, napili ang 26 na kinatawan na nanggaling sa 20 bansa at rehiyon. Sa ika-unang meeting, pagkatapos ng seremonya ng pagkakaloob ng katungkulan, ang bawat kinatawan ay nagpakilala at naglahad ng mga paksang nais nilang talakayin sa pagpupulong. Naipili si Jaehun Jeong (South Korea) bilang Tagapangulo at si Albert Joseph Hilario Diaz (Pilipinas) bilang Ikalawang Pangulo. Inyong asahan na ang mga bagong miyembro ay magsisikap upang gawing mas mabuting lugar ang lungsod ng Kawasaki.

Nais mo bang makinig sa Meeting?
——Iskedyul ng meeting sa taong 2026——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minuto na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml
Oras： mula 2pm hanggang 5pm

Ika-2 miting	Ikalawang Araw	Setyembre 13, 2026 (Linggo)
Ika-3 miting	Unang Araw	Oktubre 18, 2026 (Linggo)
	Ikalawang Araw	Nobyembre 15, 2026 (Linggo)
Ika-4 miting	Unang Araw	Enero 17, 2027 (Linggo)
	Ikalawang Araw	Pebrero 14, 2027 (Linggo)

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sino. Halina't makibahagi sa pagpupulong!

《Pagpapakilala ng Kinatawan ng Ika-16 Termino》

Sa loob ng dalawang taon, kami ay magrerepresenta ng lahat ng dayuhang mamamayan sa Lungsod ng Kawasaki, at magtutulungan sa pagsisiyasat at pag-uusap ng iba't ibang mga problema. Kami ay umaasa sa inyong suporta. 【1. Pangalan】【2. Bansa o rehiyon】【3. Maikling mensahe / Mga bagay na nais talakayin sa pagpupulong ng mga kinatawan】

Tagapangulo



1. **Jaehun Jeong**
2. South Korea
3. Isang karangalan na mapili bilang tagapangulo. Gamit ang karanasan nung nakaraang termino, ninanais kong gumawa ng rekomendasyon para sa mabuting pamumuhay ng mga dayuhan at Japanese.

Ikalawang Pangulo



1. **Albert Joseph Hilario Diaz**
2. Philippines
3. Nais kong pag-isipan ang kinabukasan kung saan lahat ng bata, kabilang ang aking anak, ay maaaring lumaki nang higit sa nasyonalidad at wika.



1. **Madani Abdullah**
2. Syria
3. Bilang mamamayan ng Kawasaki, nais kong tumulong sa pagbuo ng magandang tirahang lungsod kung saan ang bawat isa, anuman ang henerasyon o pinagmulan, ay mamumuhay nang may kapanatagan bilang miyembro ng komunidad.



1. **Istas Antariksa**
2. Indonesia
3. Bilang dayuhang matagal nang naninirahan dito, nais kong pag-isipan kasama ang mga kinatawan ang mga sistemang "mahirap intindihin o mahirap lapitan", tulad ng tungkol sa buwis at mga oras ng kagipitan, upang gawing mas madaling tirahan ang Kawasaki.



1. **Marian Vecerek**
2. Slovakia
3. Nais kong pag-usapan ang pag-gawa ng pagkakataon para makipaghalubilo ang mga Japanese at mga dayuhan upang mas mapalalim ang pag-uunawaan, at makabuo ng komunidad na multikultural kung saan lahat ay makakapamuhay nang may mapanatag.



1. **Batbuyan Otgonbayar**
2. Mongolia
3. Nilalayon ko ang komunidad na ang mga residenteng dayuhan at Japanese ay nagkakahalubilo at nagtutulungan. Nais kong palawakin ang ugnayan ng internasyonal na pakikipagkapwa sa pamamagitan ng mga kaganapan tulad ng Tama River Marathon.



1. **Andrea Kasai**
2. Mexico
3. Ako ay taga-Mexico. Naranasan ko ang kahalagahan ng multikultural na pakikipamuhay dahil sa aking pag-aaral, pamumuhay, at pagpapalaki ng anak sa Japan. Nais kong tumulong sa pagbuo ng komunidad kung saan ang lahat ay makakapamuhay nang may panatag.



1. **Zuni Kawai**
2. Paraguay
3. Nais kong makatulong sa pagbuo ng komunidad na ang mga dayuhan at mga Japanese ay nagkakaintindihan at nakakapamuhay nang may panatag.



1. **Ji Na Kim**
2. South Korea
3. Nais kong tumulong upang ang mga dayuhan ay makapamuhay nang may kapanatagan at makapag-adjust sa bagong kapaligiran sa lalong madaling panahon.



1. **Ksenia Kostyakova**
2. Russia
3. Pagpapalawak ng tulong para sa mga mag-aaral na dayuhan o may halong lahi (half), at ang pagpapatupad ng mentor system upang matulungan silang makapag-adjust sa buhay-paaralan.



1. **Ibna Zakir**
2. Bangladesh
3. Ipinanganak at lumaki ako sa Kawasaki Ward. Bumalik ako matapos ang 10 taon sa inang-bayan. Nais kong tumulong kahit sa maliit na paraan upang ang mahal kong Kawasaki ay maging mas kaakit-akit na lungsod para sa lahat.



1. **Julia Shimura**
2. Germany
3. Bilang may higit 10 taong paninirahan sa Japan, gagawin ko ang aking makakaya upang mas mapabuti pa ang kapaligiran kung saan tayo magkasamang namumuhay. Para sa ating mga anak, at para sa atin.



1. **Ziyue Zhu**
2. China
3. Nais kong makatulong sa pagbuo ng komunidad na nagpapahalaga sa ugnayan ng kapwa mamamayan, nagtutulungan ang isa't isa, at namumuhay nang may ngiti sa mukha. Maraming salamat po at umaasa ako sa ating mabuting pagtutulungan.



1. **Sumiarsih Sri Dewi**
2. Indonesia
3. Sumali ako upang gamitin ang aking karanasan sa pamumuhay sa Japan at maiparating ang boses ng mga dayuhang mamamayan sa pagbuo ng komunidad. Nais kong makatulong sa multikultural na pakikipamuhay at sa paglikha ng komunidad na madaling tirahan.



1. **Jian Sun**
2. China
3. Nais kong talakayin ang pagbuo ng sistema kung saan ang kinakailangang impormasyon ay matatanggap ng mga dayuhan sa digital na paraan, at sistema kung saan maibabahagi sa lokal na Japanese ang mga gawain ng mga dayuhan sa komunidad gamit ang teknolohiyang digital.



1. **Katharina Ditte**
2. Germany
3. Karangalan ang mapili bilang kinatawan. Nais kong iugnay ang mga bago sa Kawasaki, sa mga Japanese na volunteer at mga dayuhang matagal nang nakatira dito, upang matulungan silang makapag-adjust sa komunidad at makapamuhay nang may panatag.



1. **Houshang Habibzadeh Vaneghi**
2. Iran
3. Layon ko ang isang Lungsod ng Kawasaki kung saan ang mga mamamayang Japanese at dayuhan ay may respeto sa isa't isa at payapang nakakapamuhay nang magkasama.



1. **Ahmad Yousouf Hosany**
2. Mauritius
3. Masayang ako na mapili bilang kinatawan. Nais kong tiyakin na ang mga dayuhang mamamayan ay wastong nauunawaan ang kanilang mga tungkulin at karapatan bilang mga mamamayan ng Kawasaki, at aktibong makapag-ambag sa lipunan.



1. **Petteri Raesaenen**
2. Finland
3. Lubos ko pong ikinalulugod na mapili bilang kinatawan. Nais kong talakayin ang pagpadami ng pagkakataon para sa internasyonal na pakikipagkapwa sa pang-araw-araw na buhay, upang ang lungsod ng Kawasaki ay manatiling madaling tirahan para sa lahat.



1. **Eunhwa Jeong**
2. South Korea
3. Ako ay sumali dahil nais kong tumulong sa komunidad. Sa gitna ng patuloy na pag-unlad ng internasyonalisasyon sa mundo, magsisikap ako upang bumuo ng komunidad kung saan ang mga imigrante at ang mga lokal na mamamayan ay masayang nakakapamuhay.



1. **Merita Shrestha**
2. Nepal
3. Nais kong talakayin ang pagpabuti ng oryentasyon sa pag-aaral, upang ang kabataang nagtapos ng junior high school sa ibang bansa at pumunta sa Japan ay makakuha ng angkop na impormasyon tungkol sa pag-aaral at mga plano para sa hinaharap.



1. **Yingyu Chen**
2. South Korea
3. Isang karangalan ang mapili bilang kinatawan. Sa pagpupulong, nais kong talakayin ang mga usapin ukol sa tirahan, medikal, at pagtratrabaho ng mga dayuhan, at makatulong sa pagtaguyod ng multikultural na pakikipamuhay sa Lungsod ng Kawasaki.



1. **Pooja Vijay Dhomse**
2. India
3. Isang malaking karangalan ang mapili bilang kinatawan. Nais kong makatulong kahit sa maliit na paraan sa pagbuo ng komunidad ng multikultural na pakikipamuhay kung saan ang mga taong may iba't ibang pinagmulan ay may pagkakaunawaan.



1. **Max Hasti Friedman**
2. America
3. Masaya ako na napili bilang kinatawan. Unang pagkakataon kong sumali, at ako ay magsisikap kasama ninyong lahat upang makapagbigay ng mas magandang kontribusyon.



1. **Thi Duyen Lai**
2. Vietnam
3. Tungkol sa pagpapakilala / paraan ng pag-abiso ng mga gaganaping kaganapan sa Lungsod ng Kawasaki



1. **James Lewis**
2. United Kingdom
3. Isang karangalan ang maglingkod sa tungkuling ito sa loob ng susunod na dalawang taon. Magsisikap ako upang maitaguyod ang pag-uunawaan sa pagitan ng mga Japanese at ng internasyonal na komunidad sa Lungsod ng Kawasaki.

Pag-ulat sa Alkalde ng Panukala at mga Gawain sa taong 2025 ng Ika-15 Termino



Noong Abril 27 (Lunes), ang Tagapangulo ng Ika-15 Termino ng Kinatawan na si Ito Yurika Karen, ang Ikalawang Pangulo na si Surinivasan Sucheta, ang Tagapangulo ng Komite para sa Mapayapang Pamumuhay na si Shan Wangshu, at ang Tagapangulo ng Komite ng Lipunang Multikultural na si Jeong Jaehun ay nagsumite ng taunang ulat para sa taong 2025 kay Mayor Norihiko Fukuda at nagbigay ng mga rekomendasyon ukol sa "Edukasyon at Pagpapalaki ng Anak" pati na rin sa "Pag-iwas sa Sakuna at Mga Sakuna."

Nagkomento si Mayor Fukuda ng: "Nagpapasalamat ako sa pagbuo ninyo ng mga konkretong hakbang para sa mga usaping ito. Ang 'Leaflet tungkol sa Sistema ng Edukasyon sa Japan' na sinuri ng mga Kinatawan ay ginawa mula sa pananaw na mahirap mapansin ng mga Hapon, kaya't nais naming itong gamitin. Nais din naming ihanda ang sistema upang ang 'Multilingual na Pointing Board' sa mga pasilidad ay magamit nang maayos para sa pagtulong sa mga dayuhan kapag may sakuna." Bukod dito, noong ika-21 ng Mayo (Huwebes), ay naimbitahan din sina Tagapangulong Ito at Ikalawang Pangulong Surinivasan na dumalo sa komite sa Edukasyon ng Konseho ng Lungsod bilang taong sanggunian, at inulat dito ang panukala ng ika-15 termino at mga gawain sa taong 2025.

Ang mga detalye ng panukala ay matatagpuan sa Taunang Ulat ng taong 2025 at sa Ika-85 na newsletter. Ang taunang ulat at newsletter ay makukuha sa sulok ng mga material, sa homepage ng lungsod, sa civic center, at sa library.

Nais mo bang sumali sa Open Forum?

Ang Open Forum ay isang pagtitipon upang ipakilala ang mga Kinatawan at makakuha ng mga opinion at tanong mula sa mga kalahok. Kahit sino ay pwedeng dumalo, at para sa mga hindi pa gaanong marunong mag-Japanese, maaaring mag-translate ang mga kinatawan para sa inyo.



■ Araw at Oras： Disyembre 13, 2026 (Linggo) 2pm hanggang 5pm (plano)

■ Lugar：Nakahara Civic Hall (4 na minutong lakad mula sa Musashi Kosugi Station ng JR Sobu Line, Tokyu Toyoko Line, at Meguro Line)

★ Kasalukuyan pang pinaplano ang programa, ngunit nais naming gawin itong isang pagpupulong kung saan makakapagpalitan ng opinyon ang mas maraming tao.

★ Hinihikayat po ang lahat ng mamamayan, mga Japanese at mga dayuhan, na makilahok!

【Para sa Tanong】

Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577
Tel : 044-200-2846　Fax : 044-200-3707　E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan